

# CAYUGA AVENUE SLOW STREET

sa pagitan ng Rousseau Street at Naglee Avenue


Ang Cayuga Avenue Slow Street ay umaabot ng 1.7 milya sa mga Kapitbahayan ng Cayuga Terrace, Excelsior, at Mission Terrace, mula Rousseau Street hanggang Naglee Avenue. Tahanan ito para sa maraming pamilya at gumaganap bilang isang mahalagang koneksyon ng komunidad sa Cayuga Playground at Balboa High School.

## Evaluación de calle lenta Evaluation


Pagkatapos maglagay ng unang yugto ng mga pagpapabuti sa mga Slow Street noong 2023, nangolekta ang SFMTA ng datos ukol sa trapiko sa hanay ng Cayuga Avenue Slow Street upang suriin kung paano gumagana ang corridor at upang ipaalam ang tungkol sa mga pagbabago sa hinaharap. Ipinapakita sa datos ukol sa trapiko na ang dami ng sasakyan sa hanay ng corridor ay kadalasang natutugunan ang mga target ng Programang Slow Street. Gayon din, habang ang mga karaniwang bilis ay nananatili pa ring mababa, hindi nito natutugunan ang target ng programa na 15 mph.

### *Kaligtasan sa Trapiko*

Karaniwang Dami ng mga Sasakyan sa Araw-araw





Median ng mga Sasakyan sa Araw-araw




*Tandaan: Ang larawan ay naglalaman ng mga piling puntos ng datos at hindi sumasalamin sa lahat ng nakolektang datos.*

### *Kasaysayan ng Banggaan*



# ANO ANG SUSUNOD?

Nakikipagtulungan ang SFMTA sa Programang Transform the Storm ng SFPUC. Ang kolaborasyong ito ay magdadagdag ng imprastrukturang magpapakalma sa trapiko at luntian sa mga piling interseksyon sa hanay ng Cayuga Slow Street at sa kalapit nito. Nilalayon ng proyektong ito na gawing ligtas, luntian, at kaaya-aya ang corridor at ang mga koneksyon nito.

Simula sa unang bahagi ng 2025, muling aanyayahan ng mga kawani ng SFMTA ang komunidad ng Cayuga Slow Street na makibahagi upang bigyang-hugis ang kinabukasan ng corridor. Mahalaga ang opinyon ng komunidad habang tinatalakay natin ang kung saan at paano ia-upgrade ang mga umiiral na hakbang, nilulutas ang mga natitirang problema, at sinusuportahan ang pagtatalaga ng kapitbahayan.




Maaaring kabilang sa mga potensyal na pag-upgrade sa transportasyon ang:

- Karagdagang pagpapakalma ng trapiko para sa mga tawiran at sona ng paaralan
- Mga kongkretong island para sa karatula ng Slow Street at (mga) pagpalihis ng trapiko
- Ilaw sa interseksyon (mga pulang sona para mas makita)
- Mas malalapad na bangketa at mas maiikling tawiran sa mga iminumungkahing lokasyon ng luntiang imprastruktura

Ang mga pag-upgrade sa luntiang imprastruktura ay iminumungkahi sa mga sumusunod na lokasyon:

- Cayuga at Ocean/Santa Ynez
- Alemany at Ottawa/Huron
- Oneida sa pagitan ng San Jose at Otsego
- Capsitrano at Santa Ysabel

Ang pagpapabuti sa mga lokasyong ito ay nakakatulong sa pagsasakatuparan ng kaligtasang pantrapiko at mga kapakinabangan sa espasyong pampubliko bukod sa mga layunin ng pagkuha ng tubig-ulan.



## Manténgase en contacto

Pinaplano ng pangkat ng proyekto na muling anyayahan ang mga apektado sa komunidad na makibahagi sa unang bahagi ng 2025 upang maglikom ng opinyon sa mga potensyal na pag-upgrade sa hanay ng Cayuga at sa kalapit nito.

Mangyaring makipag-ugnayan sa pangkat ng proyekto sa **SlowStreets@SFMTA.com**, gamit ang linya ng paksa na "Cayuga Avenue" o bumisita sa **SFMTA.com/CayugaSlowStreet** para sa higit pang impormasyon.